# Ihaw-Ihaw

*Andrew Bonifacio L. Clete*

Lumabas akong may face mask. Pinag-isipan ko pa kung ano ang susuotin ko. Ito bang bigay ni Tita na kulay itim? Kaso ang higpit masyado, masakit sa tenga. Ito kayang binili ko online na may burdang pangkatutubo? Masyadong malaki at buong ulo ang sakop ng pangtali, hindi ako makahinga. Sa dami ng mga nagbebenta ng face mask, iba't iba na rin ang nabili ko galing sa iba't ibang lugar at tao. Mayroong gawa sa katsa. May galing sa mga katutubo para suporta sa kanilang proyekto. Mayroon din namang nabibili lang sa kanto. Nahirapan akong pumili. Kelangang ibagay mo rin sa suot mo. Pero boxer shorts at sando lang naman ang suot ko kaya kahit ano na lang. Sa huli, ang napili kong suotin ay 'yung mask na banig. Hindi naman siya masakit sa bibig dahil may tela, disenyo lang talaga sa labas ang banig. Galing pa ito sa isang tindahan sa Instagram na sumusuporta sa mga magsasaka. Napabili naman ako para sumuporta.

Dala-dala ko ang tatlong basyo ng tubig para bumili ng mineral water sa malapit na tindahan. Hindi pa man ako nakalalayo mula sa bahay, naamoy ko na ang ihaw-ihaw. Lumalagpas sa mask ang usok. Kung virus ito ay siguradong positibo na kaagad ako. Parang nang-aakit. Nilalandi ang ilong ko. Parang may gayuma ang usok ng nilulutong isaw, namalayan ko na lang na nagbubukas na ako ng tupper ware at nasa harapan ko na ang hile-hilerang paa ng manok kasama ng tenga ng baboy, dugo, at marami pang iba. Ni hindi ko man lang naramdamang nilapag ko pala ang mga basyo ng tubig. Sa tinagal-tagal ng lockdown, ngayon lang ako ulit makatitikim ng ihaw-ihaw. Kaya naman, sunod-sunod ang paghango ko ng stick. Kinompleto ko lahat. Tig-dalawang order ng tenga, paa ng manok,

dugo, isaw pati na hotdog. Hindi ko kasi alam kung bukas ay may tinda pa sila. Kagaya ng hindi natin alam kung hanggang kailan matatapos ang pandemya. Akala nga natin ay isang linggo lang. Naalala ko nung araw na magkansela kami ng klase para sa tatlong araw—hanggang sa naging isang linggo. Hanggang sa naging isang buwan at ngayon ay mag-iisang taon na. Magkaroon ka ba naman ng presidenteng pagkatapos ng walong buwan lang napagtantong, kelangan pala ng *mass testing*. At katulad ng presidente, parang akong naglalaway na aso. Pagkatapos kong ilagay ang mga order sa isang plato na hindi ko alam kung saan nanggaling, pinanood ko ang tindero na magpahid ng sarsa sa mga pinaluto kong ihaw. Hindi ko na nga rin inisip kung ano 'yung ginamit na pampahid. Mukhang blush-on pero pamahid na rin naman 'yon. Pinanood ko pa kung paano niya binali-baligtad ang mga ihaw-ihaw habang dinidila-dilaan ng apoy.

Kaagad ko namang naalalang kanina lang ay may hawak akong basyo ng tubig. Hinahanap na ito ng mga kamay ko. Paglingon ko sa likuran ay nakita kong inaamoy-amoy na ng dalawang aso ang mga basyo. Binugaw ko sila't nagpaalam sa tindero na babalikan ko itong mga pinaluto ko. Hindi na rin muna ako nag-abot ng bayad. *"Pagbalik na lang!"* Tumango naman ang tindero, wala naman kasi siyang magagawa dahil niluluto na niya ang mga paninda. Ang dala ko kasing pera ay pambayad lang sa tubig. Hindi ko naman alam na sa ihawan ako dadalhin ng tadhana, hindi ako nakapagdala ng ekstra. Kung magdadala naman ng wallet, wala akong bulsa at abala ang mga kamay ko sa pagbuhat ng lagayan ng tubig. Kaya't walang pagkakataon na makapagdadala ako ng sobrang pera. Hindi rin naman 'yon ang pakay ko sa paglabas.

Habang papalayo ako sa ihawan, parang naririnig ko pa rin ang nguya ng mga nagsasawsaw sa suka. Parang ako 'yung napapaso sa kinakain nilang hotdog. Naamoy ko pa rin ang anghang ng siling nakababad sa matamis na sawsawan. Ramdam ko ang pakikipagbunuan nila para tanggalin ang isaw mula sa stick gamit ang bibig. At higit sa lahat, ligtas ba 'yung mga sawsawan na 'yon? Mukhang naiwan yata ang kaluluwa ko sa ihawan pero kailangan ko na munang bumili ng tubig para naman may panulak ako sa mga binili kong pambara.

*"Mamaya pa po ang deliber!"* sabi ng tindero ng tubig. *"Sige lang po. Ayos lang!"* Umalis na rin ako pagkatapos maibigay ang bayad. Kinailangan kong umuwi muna ng bahay para kumuha ulit ng pera bago bumalik sa ihawan. Nahiya pa nga akong dumaan sa ihawan dahil namukhaan na ako ng tindero. Baka isipin niya kapag nakita niyang nilampasan ko siya, hindi naman talaga ako babalik. Kaya habang naglalakad ako, hindi ko muna siya nilingon. Kahit kalahati ng katawan ko ay takam na takam nang makatikim ng ihaw-ihaw. Kinakabahan akong maglakad kasi baka tawagin niya ako bigla. *"Hoy! 'Yung pinaihaw mo!"* Maririnig ng maraming tao at mapapahiya ako. Kung bibilisan ko naman ang lakad at makikita niya ako, mas mukha naman akong gagawa ng masama. Kaya normal lang ang paglalakad. Parang walang nangyari. Parang hindi ako takam na takam sa mga pinaihaw ko. Katulad kanina, maliban sa usok na humihigop sa'kin pabalik sa ihawan, may kasama na rin itong pangako sa tindero.

Kaya't pag-uwi ng bahay, hinubad ko ang aking face mask at ipinatong ito sa ibabaw ng ref. Nakatingin lang ako sa face mask habang nilalagok ang natitirang laman ng pitsel. Gusto ko sanang tanungin ito kung hanggang kelan ba namin sila susuotin? Kung alam lang din sana niya ang sagot. Halos maubos ko tuloy ang tubig dahil may paparating namang bagong deliber. Agad-agad din akong kumuha ng pera matapos sumulyap sa cellphone para bumalik sa ihawan. Nagmadali akong tuparin ang pangako kong pagbabalik kaya't hindi na ako nagdalawang—isip pa, takam na takam akong lumabas kaagad para makuha ang mga pinaluto kong ihaw-ihaw.

*"Kuya, okay na?"* Tanong ko sa tindero. *"Hindi pa ho eh,"* sagot niya. Sa isip-isip ko, kanina pa 'yun ha? *"Ito po 'yung bayad."* Binigay ko na lang kaagad sa kaniya ang pera para naman mapanatag ang loob niyang kostumer talaga ako—na may kakayahan akong magbayad at hindi ko siya tatakbuhan. Maghihintay tuloy ako ng ilang minuto. Balikan ko na lang kaya ulit? 'Wag na. Hintayin ko na lang. Malapit na rin naman sigurong maluto. Marami ring nakapila baka makuha pa ng iba 'tong pinaihaw ko. Inisip ko nga, baka luto na 'yung pinaihaw ko kanina. Pero dahil wala pa ako, ibinigay na ng tindero sa iba. Kaya ngayon, maghihintay na lang talaga ako. Malapit lang naman ito sa bahay.

*"Hoy! Ikaw! Sumama ka sa'kin,"* may isang lalaking biglang humawak sa'kin. Napatingin ako sa kamay niya na mahigpit ang pagkakapit sa braso ko. Mabilis kong naisip na wala akong dalang alcohol. Hindi ko pa man naaaninag ang buong mukha ng lalaking ito ay naaninag kong tinuro rin niya ang tindero ng ihaw-ihaw. *"Ikaw din sumama ka!"* Pasigaw niya itong sinabi na para bang may malaki kaming utang katulad ng nawawalang 15B sa PhilHealth. Lumapit na rin ang iba pang mga lalaking kasama niya. Bumaba sila galing sa puting sasakyan. Siguro mga nasa lima hanggang anim ang bumaba para kunin kami. Kilala ko ang sarili ko at sa mga ganitong pangyayari ay manlalaban ako. Pero hindi ngayon. Hindi na ako nagpumiglas. Hindi na ako nagtanong kung bakit. Alam ko na ang dahilan nung nakita ko ang buong mukha ng tindero—dahil magkasama kaming dadamputin. Puta. Wala pala akong suot na face mask.

Bukang-buka ang pintuan ng sasakyan, handa na kaming lamunin. Dito ko lang napansin na ito pala ay patrol ng barangay. Ang mga lalaking ito pala ay mga barangay tanod nan aka-sibilyan. Wala na akong ibang pang inisip kung hindi sumunod. Pagkapasok ko ng patrol, parang nanliit ako bigla. Hindi naman dahil sa malaki 'yung sasakyan, hindi ko lang maipaliwanag sa sarili ko na nahuli ako ng barangay. Ano na lang sasabihin ng pamilya ko? Mailalagay na ba ako sa balita? Baka kumalat ito. Kukunan ba kami ng picture? Saan kaya nila ipo-post? Kelan nila kami pakakawalan? Bukas na baa ko makauuwi? Bakit kasi hindi ako nag-facemask?! Habang nakaupo ako, napansin ko ang tindero na kasama kong nahuli. Walang humpay ang paglingon nito kaliwa't kanan. Mabuti't nandun ang mga kaanak niya para bantayan ang ihawan. Siya lang siguro talaga ang tiga-paypay. Ngayon ko lang napagtanto na medyo bagito pa pala itong tindero. Siguro wala pa siya sa bente anyos. Katulad ng mga batang wala sa eskwelahan, nandun siya nakatambay sa ihawan bilang tiga-paypay. Nakikita ko sa mga binti niya ang nerbyos, walang tigil ito sa pagkuyakoy. Ramdam kong nilalamon na siya ng kaba.

Sino ba naman kasing kakabahan kung may biglang kukuha sa'yo sa daan? Napatanong na lang tuloy ako bigla. *"Kami lang ang huli ninyo?"* Sakto namang binuksan nila ulit ang patrol. Pagbaba nila ay sumigaw ang isa. *"Nasaan ang face mask mo? Sumama ka dito!"* Hindi katulad namin na unang nahuli, medyo palaban itong isa. Kung ako naka-sando, ito naman ay 'yung

katulad ng mga tambay sa kanto na walang pang-itaas. Nakasampay lang 'yung damit niya sa balikat. *"Papasok na ako ng bahay eh!" "Wala naman akong ginagawang masama." "May kinuha lang ako sa labas. Papasok na ako eh." "Ang gara naman ng mga 'to. Papasok na ako ng bahay eh."* Hanggang sa tuluyan na rin siyang pumasok sa patrol. Akala ko nga magkakaroon pa ng eksena, mas kinabahan ako dun kesa sa mahuli. Hindi ko naman napansin kung talagang papasok na siya ng bahay. Sinagot nila ang tanong ko nang hindi tuwiran. Hindi lang kami ang huli nila, maraming susunod pa. Sa loob naman ng sasakyan, maririnig mo pa rin itong lalaking bagong-huli na hindi tumitigil sa pagbubunganga. Mas namumuo lang ang tensyon dahil sa mga komento ni kuya. Bakit kasi hindi na lang manahimik. *"Nagta-trabaho lang 'yung tao dun, huhulihin ninyo!"* Isa pala siya sa mga trabahador sa konstruksyon na gumagawa ng bahay sa may kanto.

Hindi pa kami nakalalayo, bumaba ulit ang mga tanod. May kumpulan kasi ng mga nabili ng squidballs. Nung nakita nila na nagpa-patrol ang barangay, kalasan sila lahat. Mabuti't naka-facemask naman sila maliban sa isang sarap na sarap ngumuya ng tokneneng. Siya tuloy ang naabutan at naakbayan. Katulad nung trabahador kanina, ramdam ko rin ang kaba niya sa pautal-utal na pagsabi ng… *"Boss… uuwi na… boss. Bumili lang… boss."* Sinagot naman ito ng mga tiga-barangay. *"Sumama ka muna." "'Yung motor ko nandito. May motor ako oh."* Sa huli, isang barangay tanod ang nagmaneho ng motor niya na naka-convoy sa patrol ng barangay. Paulit-ulit niyang binubulungan ang isang tanod. Ano kayang sinasabi niya? Sinubukan kong pakinggan pero masyadong mahina. Parang sikreto na sila lang dapat ang may alam. Pero iisa lang ang interpretasyon ko. Meron siyang koneksyon. Sa halip na kabahan ako, gusto kong malaman kung anong gagawin ng mga tanod. Patatakasin kaya nila? At paano nila gagawin ito nang hindi namin nahahalata?

Siguro'y nakarating na sa mga susunod pang kanto ang balitang may nag-iikot na barangay patrol kaya't wala na masyadong makitang walang facemask. Nakapagtago o nakauwi na sila. Sa katunayan, halos papalabas na kami ng village nang may nakita silang mga nanay na nag-tsitsismisan. Hindi yata nasagap ng kanilang koneksyon na merong nanghuhuli. O nalaman naman nila pero ayos lang dahil may suot naman silang facemask. Maliban sa isa na itinaas lang ang damit para takpan ang

bibig. Hindi naman facemask 'yon kaya't bumaba pa rin ang mga tanod para kunin siya. Parang may titulo si nanay dahil kakilala naman niya ang mga tanod. Abot tenga pa nga ang ngiti niya sa loob ng patrol. *Grace under pressure* kumbaga. Sa aming mga nahuli, siya ang *Ms Congeniality.* Nakangiti lang din siya pati sa iba pang nahuli. Nung magkatinginan kami, ang sabi pa niya, *"Nahuli tayo, 'no?"* Sumagot na lang ako ng "*Oo nga po eh."* Tumawa na lang ako nang maikli. Pagkatapos nito ay nakipagkwentuhan pa siya sa ibang tanod. *"Saan pa kayo nagpunta?"* Para silang mga magkakaibigan noong hayskul na biglang nagkaroon ng biglaang kitaan. Pakiramdam ko tuloy para lang kaming papunta sa Pansol.

Sa ruta na dinadaanan naming nalaman kong dadalhin kami sa barangay hall. Napagtanto ko ito nang madaanan namin ang huling huhulihin, isang batang babae na siguro ay nasa hayskul. *"Ate, pumasok ka dito! Wala kang mask."* Kaagad namang sumama ang babae. Naalala ko tuloy 'yung batang babae sa probinsya ng Ilocos na binaril pagkatapos magsampa ng kaso sa istasyon ng pulis. Inireklamo niyang ginahasa siya nang mahuli ng barangay. Natabunan na lang ito ng iba pang kaso at hanggang ngayon ay wala pa ring hustisya. Sa isip-isip ko, hindi pwedeng magkaroon ng kababalaghan dito. Sa tingin ko tuloy ay kailangan kong maging bayani na magbabantay sa mga kasama kong nahuli. Hindi dapat malabag ang karapatan ng bawat isa sa'min. Kasagsagan pa naman ng mga patayan. Pero bago ako pangunahan ng takot, kelangan kong maging matatag para sa iba.

Dinala kami sa isang court malapit sa barangay hall. Pagpasok namin ay may lumabas na sundalo. *Anong gagawin namin dito?* Unti-unti nang kumakagat ang dilim. Mas lalo tuloy namayani ang takot. Pinakuha kami ng upuan sa may likuran. Pinaupo kami nang may social distancing. Sa unang hilera, nandun ang tindero, ako, at batang babae. Sa ikalawang hilera ay nandun naman ang trabahador at ang nanay. Magkakalayo kami maliban sa isa. 'Yung lalaki kaninang may motor, nakahiwalay siya na talagang malayong-malayo sa'min. Kumbaga magkabilang court ang distansya. Kausap niya ang isang tanod na binubulungan niya kanina. *"Wala na. May koneksyon. Anak ng pulis 'yan eh."* Ngayon ko lang ulit narinig 'yung trabahador na nahuli. Tama nga ang hinala ko. Inilabas ko ang cellphone ko para kunan sila nang pasikreto. Iniisip ko pa kung ipadala ko kaya ito kay vice-mayor? Estudyante ko ang anak niya. Binubuo ko na sa isipan ko kung

ano ang magiging laman ng mensahe. Pwede ko itong ipadala sa pamamagitan ng email. Pwede ring sa pamamagitan ng text kung gusto kong ngayon na rin mismo. Pero hintay na lang muna. Mas gusto kong malaman kung anong gagawin namin dito. *Ano nga ba?* Napanood ko sa telebisyon na may pinasayaw na mga miyembro ng LGBTQIA+, may mga pinag-push-up, may mga pinatakbo, may mga pinauwi na kinabukasan, may mga pinagrosaryo, may mga pinagpanood ng video tungkol sa Covid-19, at marami pang iba. Sa amin kaya? Ano ang ipapagawa nila? Ayokong matulog dito. Lalo na't naka-boxer shorts at sando lang ako. Gusto ko na ring umuwi.

Lumapit ang isang sundalo sa tindero. May inabot na papel at bolpen. Siguro pasusulatin kami ng *"Magsusuot na po ako ng mask kung lalabas ng bahay"* nang 100 beses. Pero narinig kong isusulat ang pangalan. Nang inabot sa akin ang papel, ganun nga ang gagawin. Ilalagay din ang edad, kung saan nakatira, at kung saan pinanganak. Hindi man lang nga opisyal na listahan ang binigay sa'min. Scratch paper lang kumbaga. Nakita ko pa nga ang likod ng papel, parang sulat sa barangay na hindi ko naman kilala ang mga nakalagay na pangalan. Hindi ko na lang din pinansin. Sinulat ko na lang ang gusto nila. Iniisip ko pa nga kung isusulat ko ba talaga kung saan ako nakatira? Nagmatapang na lang ako at pinanindigan ang pagkakamali ko. Sinulat ko ang buo kong pangalan, kasama pati middle name. Isinulat ko rin ang buong address. Pagkatapos ay ipinasa ko na ito sa susunod sa'kin, 'yung batang babae. Nakatunganga lang naman kami. Naghihintay. Kinakalaban ang mga lamok. Nagmumuni-muni kung bakit wala kaming mask. Nang makuha na ang lahat ng impormasyon, hindi ko namalayang wala na 'yung lalaking naka-motor? Nasaan na siya? Tinanong ko 'yung tindero, *"umalis na 'yung kanina?"* "*Opo. Sinabay nung isang motor na dumaan. Ang bilis nga eh."* Sagot niya. Mas lalong lumakas ang loob ko na magsumbong dahil habang pinapapak kami ng lamok, nakauwi na at patulog na 'yung isa. Pare-parehas lang naman kami ng pagkakamali, walang facemask. Bakit siya nakaalis na? Hanggang sa hindi ko na napigilan magsalita. *"Nasaan na 'yung kanina? Bakit wala na siya?"* Pinarinig ko ito sa mga nakabantay na tanod. Inulit ko ang tanong ko. *"Bakit wala na 'yung isa?"* Lumapit sa amin ang isang tanod para sabihing makaaalis na kami pagbalik ng patrol. Pampalubag-loob ba ito dahil hindi nila masagot 'yung tanong ko?

Siguro ay naka-ilang kagat din sa'kin ang lamok bago kami tuluyang ipinatawag sa barangay. Naka-eskort sa amin ang isang tanod. Kung pilyo kami, pwede na nga kaming tumakas. Malayo kaming makatakbo. Pero dahil masunurin kami, sinundan na lang naming siya. Dumaan kami sa isang eskinita papunta sa barangay hall. Hindi man lang nga kami pinapasok. Sa labas lang. Sa tapat lang ng barangay. May isang babaeng kumausap sa'min at nagbigay ng kaunting paalala tungkol sa pagsuot ng facemask. Wala pang isang minuto, tapos na ang sermon. Pinipilit kong hindi magsalita at magkomento. Sa isip ko na lang sinabing *"'Yun na 'yun?"* Sa huli, sinabi niyang kailangan niya kaming kuhanan ng litrato. Abot tenga ang ngiti ko para naman kung may makakita nitong dokumentasyon ay masabing masaya naman ako sa buhay. Oo, natutunan ko naman ang mga pagkakamali ko. Higit sa lahat, gusto ko nang umuwi.

*"Hindi niyo naman po siguro iu-upload ito, 'no?"* Tanong ko. Sumagot naman na hindi. May pahabol pa akong *"Tama po. May data privacy kasi."* Nagtinginan sila. May mali na sa sinabi ko? Nilapitan tuloy ako ng isang tanod, *"Ikaw ba 'yung anak ng pulis?"* Sumagot ako ng hindi sabay sabing, *"'Yung isa siguro 'yun kanina. 'Yun pinaalis din kaagad."* May diin. May uyam. Salamat na lang at makauuwi na kami. Pero nasaan na ang patrol? *"Pwede na kayong umuwi."* Uuwi kami nang ganito? Maglalakad kami pauwi? Ang layo kaya. *"Nasaan po ang patrol? Hintayin na lang namin."* Panibagong paghihintay na naman. Gaano na naman kaya katagal ito? Nilapitan ko ang tindero para tanungin, *"'Yung ihaw ko ha."* Ngumiti na lang siya at sinabing *"Opo. Baka po tinabi nila."* Ilang minuto rin kaming nagbabad sa harap ng barangay hall. Sa totoo lang, pwede naman na kaming umuwi talaga. Ayaw ko lang maglakad. Paano kung may panibagong patrol na naman? Mahuhuli na naman kami nang walang facemask?

Nang dumating ang patrol. Isang mahabang buntong-hininga na lang ang ginawa ko. Makauuwi na rin. Isa-isa kaming sumakay. Wala na ang mga tanod maliban sa nagmamaneho. Iniwan na nila kami. Bahala na raw kami. Pwede na kaming magsasasayaw sa loob. Ang unang binaba ay 'yung batang babae, sunod ay ang nanay, nakababa na rin ang trabahador, at sabay na kaming bumaba ng tindero. Dumiretso kami sa lugar ng kanilang ihawan. Saktong nagliligpit na sila pero gaya ng sinabi ng tindero, nakatabi pa rin ang mga pinaluto ko. Inabot sa'kin ang isang plastik ng ipinaluto ko. *"Salamat!"* sabi ko. Sa wakas, makakakain din.